Naisusulat at naisasagawa ang isang makatotohanang radio broadcast na naghahambing sa lipunang Pilipino sa panahong naisulat ang Florante at Laura at sa kasalukuyan (Ikalawang Bahagi)

## SAMPLE RADIO SCRIPT

## RADIO PLUG

RADYO DZLB 1116 kHz
ANG TINIG NG KAUNLARAN

| | |
|---|---|
| SUBJECT MATTER: | FIVE ASPECTS OF A GOOD FOOD |
| LENGTH: | 60 SECONDS |
| OBJECTIVE: | For the listeners to identify the aspects of a good food for growing children. |
| SCRIPTWRITER: | Chivas V. Alejo |

---

BIZ: LIVELY MUSIC UP AND UNDER

CHILD: Mmmm! ;Nay mukhang masarap ang niluluto natin a!

MOTHER: Syempre iha! At hindi lamang ito masarap. Ito'y may sangkap pa ng mabuting pagkain.

CHILD: E…ano ho ba 'yong mga sangkap na 'yon?

MOTHER: Ito ang limang Ma na kailangan ng isang batang tulad mo… Una, gaya ng sabi mo, Ma-sarap! Tapos, kailangan ang pagkain ay Ma-sustansya para sa iyong paglaki. Dapat ang pagkain ay Ma-linis. Kailangan, ito rin ay madaling Ma-proseso ng ating katawan upang makuha natin ang sustansya mula sa pagkain… At higit sa lahat, ito'y Ma-gaan sa bulsa!... O hayan! Puwede na tayong kumain!

CHILD: Yehey!... Tandaan! Para sa mabuting pagkain, kailangan nating isaalang-alang ang limang Ma na turo ni Nanay - masarap, masustansya, malinis, madaling iproseso ng katawan at magaan sa bulsa

BIZ: LIVELY MUSIC UP AND OUT

-end-

(qtd. in Gomez, Ordan, Vega)

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS

**SAMPLE SCRIPT 2**

**RADIO DRAMA**

BIZ: THEME: MUSIC UP AND OUT

BIZ: MONTAGE

MRS. TECSON: (SHOUT) (STRICT) And what? You're still trying to make reasons! We'll lift your chair at doon ka sa likod mag-squat!

FERNAN: (LAUGHS) Ha ha ha! Kalikasan! Kalikasan! E ano bang magagawa ng isang labindalawang taong gulang? Kung ang mga matatanda nga, hindi napipigilan ang pagsira sa kalikasan, si Miguel pa, isang bata lamang. Ha ha ha!

AMELIA: (SEDUCTIVE) Ikaw naman Fernan! Ang puso o...dahan-dahan lang!

ANTON: (SARCASTIC) At tingnan niyo o! 'Di man lamang lumaban, pa'no? bakla!

MIGUEL: (CRIES) 'Nay! Mas mabuti pa nga siguro'y magsama na tayo.

BIZ: THEME MUSIC FADE IN AND CROSSFADE TO STANDARD INTRO

NARR: Ang inyong narinig ay bahagi lamang ng dulang handog natin sa araw na ito. Narito ang kabuuan ng ating dulang pinamagatang (REVERB)... "ALAY KAY INA."

BIZ: THEME MUSIC UP FOR 5 SECONDS AND SUGUE TO LINE #

-MORE-

(qtd. in Gomez, Ordan, Vega)

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS

**SAMPLE SCRIPT 3**

**RADIO NEWS**

Away sa Mayondon
June 13, 2001
8:00 am
60 seconds
Ordan

**Slug**

ANNCR: Isang lalaki ang binawian ng buhay matapos Itong masaksak ng kanyang kainuman noong Nakaraang Sabado, sa Barangay Mayondon, Los Banos, Laguna. Ang biktima ay nakilalang Si Romeo Reblora at tubong Nueva Viscaya. Ang suspek naman ay si Pedro Pidero, Jr. na tubong Surigao del Sur. Ang dalawa'y pawang Empleyado ng Prime Corporation sa Barangay Mayondon. Ayon kay S-P-O-1 Enrico Romanillos…

<u>BIZ</u> <u>INSERT CART: SPO1 Romanillos</u>
Length: 15 seconds
Cue in: Ayon sa aming…
Cue out: … nga itong si Reblora

ANNCR: Ang suspek na kasalukuyang nakakulong sa Los Banos Police Station ay kakasuhan ng Homicide.

-end-

(qtd. in Gomez, Ordan, Vega)

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS

**Mga dapat sundin sa pagsusulat ng Radio Script**

Ayon kay Walters, narito ang ilan sa mga paalala sa pagsulat ng radio script:

1. Layout ng Pahina
    a. Maglagay ng isang pulgadang palugit sa kaliwa ng pahina
2. Ang pagitan ng mga linya sa radio copy ay kailangang double-spaced.
3. Kung ang sinulat na radio copy ay hihigit sa isang pahina, lagyan ng numero ng pahina sa top right corner maliban sa naunang pahina, at lagyan ito ng slash o ellipsis at saka ilagay ang unang tatlong salita ng pamagat ng storya. Halimbawa: 222… Sa Dulo Ng
4. Kung maraming karakter, o maraming sound at music cues, maglagay ng line numbers.
5. Natutukoy ang source of sound sa kaliwang parte ng pahina, katabi ng line numbers. Dito inilalagay ang uri ng tunog na gagamitin at kung saan ito manggagaling. Kung nakasaad sa script na isang boses lamang ang kailangan, gamitin ang ANNCR (announcer) or NARR (narrator). Sa maramihang boses, maaaring ilagay na lamang ang mismong pangalan ng karakter (e.g, ANNE, ALVIN, JOSHUA). Tandaan na kinakailangang nasa malalaking letra ang pagsulat nito.
6. Kung ang source ng tunog naman ay isang musika, ilagay ang "MUSIC", na kahanay rin ng source of sound. Ang mga panuto sa musika ay nakalagay sa copy block o radio copy. Isinisulat rin ito sa malalaking letra.
7. Ang mga sound cues naman ay isinusulat bilang "SFX". Kahanay rin ito ng source of sound at ang mga panuto ay nasa copy block.
8. Tulad ng nabanggit sa aralin, ang copy block ang bahagi ng script na binabanggit sa programa.
9. Iwasan ang pagpuputol ng mga salita sa isang hanay ng pangungusap.

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsusulat ng Radio News Script**

Ayon kay Walters, narito ang ilan sa mga paalala sa pagsulat ng radio news script:

1. Gumamit ng slug.
   Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Terrorist Attack | **Pamagat** |
| September 11 | **Petsa** |
| 9:30 AM | **Oras** |
| 60 seconds | **Haba ng balita** |
| Cabrera | **Pangalan ng nagsulat ng balita** |

2. Ang mga salitang mahirap bigkasin ay nilalagyan ng kasunod na phonetic spelling sa loob ng parenthesis.
   Halimbawa: EDWARD SAID (sa-EED)
3. Maglagay rin ng line numbering.

(qtd. in Gomez, Ordan, Vega)

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

Gomez, Ely D., Ordan, Lester P., Vega, Lolita L. *Fundamentals of Community Broadcasting.* Los Banos: UPLB Publications Office, 2007.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS